Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hunyo 15, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 119, s. 1987

SEMINAR II SA PANITIKANG FILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang Seminar sa Panitikang Filipino sa magkalakip na pagtataguyod ng Surian ng Wikang Pambansa at ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (Writers Union of the Philippines) ay idaraos sa Agosto 14-15, 1987 sa German Cultural Center (Goethe Institut), Aurora Boulevard, Lungsod Quezon kaugnay ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika '87, na may paksang-diwang "Ang Wikang Filipino sa Pambansang Kaunlaran."

2. Ang paksa ng seminar ay "Ang Panitikang Filipino Ngayon at Bukas" na kaugnay ng itinatakda ng Bagong Konstitusyon, gaya ng isinasaad sa Artikulo XIV, Seksiyon 6, tungkol sa pagpapayabong at pagpapayaman ng Wikang Filipino.

3. Pagkatapos ng seminar, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. nakapagsusuri at nakapag-aangkin na ng dagdag na kaalaman sa pinakatampok na aspekto ng literaturang Pangasinan, Bikol, Waray, Muslim, Cordillera, atb.; at

b. nakapagsasagawa na ng kailangang pag-aangkop sa kanilang pagsulat at pagtuturo ng literaturang Filipino.

4. Ang lahat ng mga manunulat pangkurikulum (curriculum writers), mga pamrehiyon at pansangay na superbisor at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng kagawaran/pangkat ng Filipino at mga guro sa Filipino (wika at literatura) sa mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya ang dapat dumalo sa seminar na ito. Higit na makabubuti kung ang dadalo rito ay ang dumalo sa naunang seminar pampanitikan na isinagawa noong Marso 31-Abril 2, 1987 na ang tinalakay ay tungkol sa literaturang Iloko, Sebwano, Hiligaynon, Kapampangan, Ingles at Tagalog.

5. Sapagkat 200 katao lamang ang pinakamaraming maaaring lamanin ng bulwagang-pulungan ng German Cultural Center (Goethe Institut), hinihiling na mangyaring magparehistro nang maaga o magpadala ng reserbasyon sa o bago dumating ang Agosto 8 sa:

Surian ng Wikang Pambansa
7th LDCI Bldg. EDSA Cor. East Avenue
Diliman, Lungsod Quezon
Tel. Nos. 922-92-57/922-86-05/922-06-51

O

Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas
(Writers Union of the Philippines)
PSP Bldg. 1400 Quezon Avenue
Lungsod Quezon
Tel. No. 98-44-16

6. Manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, paaralan, kolehiyo/unibersidad na sasailalim ng pag-awdit at pagtutuos ang ibabayad ng bawat kinatawan na P200 para sa hand-outs at pagkain, bukod sa gastos sa transportasyon ng mga dadalong kinatawan patungo sa Cormar Cultural Center, Lungsod Quezon at pabalik sa sariling paaralan, sangay, o rehiyon.

(LGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 38, s. 1987

Pamamahagi: 1-2-3-4 (M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

- COMMUNICATION ARTS
- Course of Study, COLLEGIATE
- " " " , ELEMENTARY
- " " " , SECONDARY
- LANGUAGE
- OFFICIALS
- SEMINAR
- TEACHERS